Tahanan ng Katala

Sung by: Jeffrey Hidalgo
Composed by: Ito Rapadas

Noon sila'y dati kay daling matagpuan
Kagubatan ang tanging tahanan
Puti ang kulay nila'y nasisilayan
Bahagi na ng kalikasan

At siya'y binansagan na ibong Katala
Sa mata ng tao'y kahanga-hanga
Ngunit ang Katala ay naglalaho
Pagkat ang kanyang mundo'y gumuguho

Sinalakay natin ang tahanan, ng ibong Katala
Pugad ang puno sa kagubatan
Binawasan natin ng walang pakundangan
Sinalakay natin ang tahanan ng Katala at ng ibang nilalang
Lupa't tubig yamang kalikasan, walang tinitira para sa kinabukasan

Sila'y ninakaw mula sa kagubatan, ang ibong Katala
At ang pinalit sa nawalang kalayaan, ay kulungan na hawla
Ngunit unti-unting naliliwanagan
Ang ilan sa atin sa katotohanan
Binubuhay nila ang pag-asa
Babalik ang Katala ng buong sigla

Sana maibalik sa dating tahanan, ang ibong Katala
Pugad ang puno sa kagubatan
Sana makamtan muli ang kanyang kalayaan
Sana maibalik sa dating tahanan ang ibong Katala
Lupa't tubig, yamang kalikasan ay ating alagaan para sa kinabukasan

Kay daming hayop at halamang nawawala
Kung kikilos tayo dapat ay ngayon na
Kung masasagip natin ang ibong Katala
Baka may pag-asa ang sangkatauhan

Kaya muling buhayin ang tahanan ng ibong Katala
Pugad ang puno sa kagubatan
Makakamtan muli ang agos ng kalayaan
Kaya muling buhayin ang tahanan ng Katala at ng ibang nilalang
Lupa't tubig, yamang kalikasana y ating alagaan para sa kinabukasan

Katala Foundation, Inc.
P.O. Box 390, Puerto Princesa City 5300
Palawan, Philippines
idlacerna@yahoo.com
www.philippinecockatoo.org